Pebrero 18, 2012 : Isang kasama ay nasa Ospital ng Queen Elizabeth dahil sa malubhang pamamaga sa ibaba ng kanang binti sanhi ng bawal na gamot. Pagkatapos makatanggap ng "Dr. Jesus" noong Pebrero 18, humingi siya ng tulong kay Hesus ng gabing iyon. Kinabukasan, nawala ang pamamaga. Sumunod na araw, lubusan ng nawala ang pamamaga. Nagkaroon siya ng parehong problema sa kanyang kaliwang binti, maraming buwan na nakakaraan. Parehong ospital, parehong gamot.....ngunit inabot ng isang buwan bago nawala ang pamamaga. Ang kanang binti, dalawang araw lamang. Ang sabi niya, ang pagkakaiba ay ang panalangin kay Hesus.

Nang si Maria ay nagdadalang-tao, sabi ng kanyang biyenan na babae: "Kapag babae ang sanggol mo, hihiwalayan ka ng anak ko." Natakot si Maria. Kaya nga't isinilang ang sanggol na may karamdaman, isang karamdaman na hindi mapagaling ng mga manggagamot. Isang pari ang naghikayat kay Maria na manalangin. "Hesus, tulungan mo akong patawarin ang biyenan ko."

Ilang araw ang nakaraan, gumaling ang sanggol. Ang pagpapatawad, lalo na't pagpapatawad sa taong hindi mabuti ang pakikitungo sa atin, ay kadalasan susi sa pagpapagaling.

Hesus, tulungan N'yo akong patawarin
ang sinumang hindi gumagawa sa akin ng mabuti.